



BAY AREA
AIR QUALITY
MANAGEMENT
DISTRICT

Mga Buod ng Pagsusuri sa CEMEX at Hanson

Sinuri ng Dibisyon ng Engineering ng Air District ang sumusunod na tatlong aplikasyon para sa permit para sa pagsunod sa lahat ng naaangkop na regulasyon sa kalidad ng hangin. Nasa ibaba ang mga buod ng mga operasyon ng pasilidad, inaasahang emisyon, at naging resulta ng bawat pagsusuri.

CEMEX Construction Materials Pacific, Planta #17111, Aplikasyon #28001

Ang CEMEX Construction Materials Pacific, LLC (CEMEX) ay isang kasalukuyang pasilidad para sa produksyon ng kongkreto na matatagpuan sa 500 Amador Street sa komunidad ng Bayview/Hunters Point sa San Francisco. Tumatanggap ang nasabing pasilidad ng mga materyales para sa paggawa ng kongkreto (ibig sabihin, buhangin, aggregate, at semento) sa pamamagitan ng mga truck at barko. Itinatabi ang mga materyales na ito sa pasilidad hanggang sa handa na ang mga itong ihalo sa tubig para gumawa ng kongkreto sa isang trak na panghalo ng batch process o central-mix na batch process. Pagkatapos ay dinadala ang nagawa nang produkto sa labas ng lugar sakay ng mga trak, na siyang gagamitin sa mga lugar ng konstruksyon.

Ang pagsusuring ito ay para sa pagpapadami ng buhangin at aggregate na dinadala ng mga barko sa pasilidad at ino-offload sa isang conveyor system. Hiniling ng pasilidad na dagdagan ang buhangin mula sa 60,000 tonelada bawat taon (tons per year, TPY) at gawin itong 235,572 TPY, at nag-apply din ito para sa permit na magdala ng 153,803 TPY na aggregate sakay ng barko.

Nagkakaroon ng mga emisyon kapag naglilipat ng buhangin o aggregate mula sa isang lokasyon papunta sa ibang lokasyon. Inaasahan din ang mga emisyon mula sa pag-erode ng stockpile ng buhangin at aggregate dahil sa hangin, pagbiyahe ng mga sasakyan sa mga kalsada ng pasilidad, at mula sa operasyon ng mga makina ng mga tugboat at sasakyang pandagat (tugboat and oceangoing vessel, OGV). Inaasahang may mga mae-emit na particulate matter (PM10 at PM2.5) at respirable na crystalline silica mula sa pangangasiwa ng materyales, stockpile, at mga operasyon sa pagbiyahe ng mga sasakyan. May mga nae-emit na combustion gaya ng mga nitrogen oxide (NOx), precursor organic compound (POC), sulfur dioxide (SO2), carbon monoxide (CO), PM10, at PM2.5 sa operasyon ng mga makina ng mga tugboat at OGV.

Iniaatas ng draft na pagsusuri na ito na gumamit ng spray ng tubig sa bawat babaan ng materyales, at na tiyakin ng pasilidad na mananatili at makikitang basa ang buong surface area ng stockpile para mabawasan ang mga emisyon. Sa pamamagitan ng mga kundisyon ng permit, kakailanganin ng CEMEX na i-minimize ang mga emisyon ng takas na alikabok mula sa mga bumibiyaheng trak sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga pag-

iingat na pang-iwas sa mga hindi kanais-nais na epekto kung may nakikitang alikabok. Para lalo pang mabawasan ang mga emisyon, kakailanganin ng pasilidad na limitahan ang bilang ng mga milyang binibiyaheng mga sasakyan sa loob ng pasilidad. Dapat subaybayan ng CEMEX ang alikabok na umaalis sa pasilidad sa pamamagitan ng mga sasakyang umaalis sa lugar (tinatawag itong mga trackout emission), at kakailanganin nitong maglinis kung mahigit sa 25 linear feet ang nasabing trackout. Papangasiwaan din ng mga kundisyon ng draft na permit ang mga emisyon sa pamamagitan ng paglimita sa bilang ng mga barkong nagdadala ng materyales at paglalapat ng mga limitasyon sa dami ng materyales na pinoproseso ng pasilidad.

Hanson Aggregates, Mid-Pacific, Inc., Planta #23564, Aplikasyon #27982

Ang Hanson Aggregates, Mid-Pacific, Inc. (Hanson) ay nagpapatakbo ng terminal ng buhangin at aggregate sa Pier 94 sa komunidad ng Bayview/Hunters Point sa San Francisco. Dinadala ang buhangin at aggregate sa pasilidad sa pamamagitan ng mga tugboat. Ang materyales ay ino-offload mula sa mga tugboat at itinatabi sa pasilidad hanggang sa handa na itong i-load sa mga trak para dalhin sa labas ng lugar at ibenta sa mga kostumer.

Sa orihinal na aplikasyon para sa permit ng pasilidad na ito, natukoy na hindi kailangan ng pasilidad ng permit dahil sa nilalaman ng tubig ng materyales. Mahigit sa 5% ang nilalaman ng kahalumigmigan ng nasabing materyales. Sa panahong iyon, naging kwalipikado ang pasilidad para sa isang pagbubukod sa ilalim ng Regulasyon 2-1-115.1.4.5 ng Air District. Noong 2016, sa pagbisita sa lugar ng isang Inspektor ng Air District, napag-alamang masyado nang mababa ang nilalaman ng tubig para maging kwalipikado para sa parehong pagbubukod. Inatasan ang pasilidad na isumite ang aplikasyong ito para sa permit.

Nagkakaroon ng mga emisyon sa paglilipat ng buhangin o aggregate mula sa isang lokasyon papunta sa ibang lokasyon. Inaasahan din ang mga emisyon mula sa pag-erode ng mga stockpile ng buhangin at aggregate dahil sa hangin, pagbiyahe ng mga sasakyan sa mga kalsada ng pasilidad, at mula sa operasyon ng mga makina ng mga tugboat. Inaasahang may mga mae-emit na particulate matter (PM10 at PM2.5) at respirable na crystalline silica mula sa pangangasiwa ng materyales, stockpile, at mga operasyon sa pagbiyahe ng mga sasakyan. May mga nae-emit na combustion gaya ng mga nitrogen oxide (NOx), precursor organic compound (POC), sulfur dioxide (SO₂), carbon monoxide (CO), PM10, at PM2.5 sa operasyon ng mga makina ng mga tugboat.

Ginamit na modelo ang mga emisyon ng respirable na crystalline silica sa isang bahagi ng pagtatasa ng panganib sa kalusugan dahil ang mga emisyon ng mga ito ay mas mataas sa mga antas ng trigger na nakalista sa Talahanayan 2-5-1 ng Regulasyon 2, Panuntunan 5 ng Air District. Ipinakita ng modelong nakakasunod ang pasilidad sa mga iniaatas ng Regulasyon 2, Panuntunan 5.

Inaatasan ng draft na pagsusuri na ito ang pasilidad na sundin ang mga kinakailangang nakabalangkas sa mga kundisyon ng permit. Nililimitahan ng mga draft na kundisyon ng permit ang bilang ng mga tugboat sa pasilidad at ang dami ng materyales na puwedeng iproseso bawat taon. Ipagbabawal ang nakikitang fallout ng alikabok sa mga property sa malapit. Kung magkakaroon ng fallout, kakailanganin ng pasilidad na magsagawa ng pagkilos para sa pagwawasto. Aatasan ang Hanson na gumamit ng water spray system sa bawat drop point ng materyales at tiyaking mananatili at makikitang basa ang buong surface area ng mga stockpile. Dapat i-minimize ng Hanson ang emisyon ng fugitive dust mula sa mga bumibiyaheng trak sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga pag-iingat na pang-iwas sa mga hindi kanais-nais na epekto, at dapat nitong limitahan ang mga milyang binibiyaheng mga sasakyan sa pasilidad. Aatasan ang pasilidad na subaybayan ang mga emisyon ng dust na umaalis sa pasilidad sa pamamagitan ng mga sasakyang umaalis sa lugar, at kakailanganin nitong maglinis kung mahigit sa 25 linear feet ang nasabing trackout. Iniaatas ang mga limitasyong ito para ma-minimize ang mga emisyon at matiyak na nasusunod ang lahat ng regulasyon.

Hanson Aggregates, Mid-Pacific, Inc., Planta #13407, Aplikasyon #28839

Ang Hanson Aggregates, Mid-Pacific, Inc. (Hanson) ay nagpapatakbo ng terminal ng buhangin sa Pier 92 sa komunidad ng Bayview/Hunters Point sa San Francisco. Minimina ang buhangin sa San Francisco Bay at dinadala ito sa pasilidad sa pamamagitan ng barge. Ino-offload at hinuhugasan ang buhangin pagdating sa pasilidad. Ang nahugasang materyales ay isinasakay sa mga trak at ipinapamahagi para sa paggamit sa labas ng lugar.

Dating pag-aari ng Tidewater Sand & Gravel ang nasabing pasilidad at noong 1993, nag-apply sila para sa permit sa Air District. Sa panahong iyon, natukoy na exempted sa mga kinakailangan sa permit ang materyales na pinoproseso ng pasilidad dahil may nilalaman na kahalumigmigan na mahigit sa 5% ang operasyon sa buhangin (exempted alinsunod sa Regulasyon 2-1-115.1.4.5 ng Air District). Noong 2016, sa pagbisita sa lugar ng isang Inspektor ng Air District, napag-alamang masyado nang mababa ang nilalaman ng tubig para maging kwalipikado para sa parehong pagbubukod. Inatasan ang pasilidad na isumite ang aplikasyong ito para sa permit.

Nagkakaroon ng mga emisyon sa paglilipat ng buhangin mula sa isang lokasyon papunta sa ibang lokasyon. Inaasahan din ang mga emisyon mula sa pag-erode ng mga stockpile ng buhangin dahil sa hangin, pagbiyahe ng mga sasakyan sa mga kalsada ng pasilidad, at mula sa operasyon ng mga makina ng mga tugboat at barge. Inaasahang may mga mae-emit na particulate matter (PM10 at PM2.5) at respirable na crystalline silica mula sa pangangasiwa ng materyales, stockpile, at mga operasyon sa pagbiyahe ng mga sasakyan. May mga nae-emit na combustion gaya ng mga nitrogen oxide (NOx), precursor organic compound (POC), sulfur dioxide (SO2), carbon monoxide (CO), PM10, at PM2.5 sa operasyon ng mga makina ng mga tugboat.

Ginamit na modelo ang mga emisyon ng respirable na crystalline silica sa isang bahagi ng pagtatasa ng panganib sa kalusugan dahil ang mga emisyon ng mga ito ay mas mataas sa mga antas ng trigger na nakalista sa Talahanayan 2-5-1 ng Regulasyon 2, Panuntunan 5 ng Air District. Ipinakita ng modelong nakakasunod ang pasilidad sa mga iniaatas ng Regulasyon 2, Panuntunan 5.

Inaatasan ng draft na pagsusuri na ito ang pasilidad na sundin ang mga kinakailangang nakabalangkas sa mga kundisyon ng permit. Nililimitahan ng mga draft na kundisyon ng permit ang bilang ng mga tugboat sa pasilidad at ang dami ng buhanging puwedeng iproseso bawat taon. Buhangin lang ang puwedeng iproseso ng pasilidad na ito. Ipagbabawal ang nakikitang fallout ng alikabok sa mga property sa malapit. Kung magkakaroon ng anumang fallout, kailangan ng pasilidad na magsagawa ng pagkilos para sa pagwawasto. Aatasan ang Hanson na gumamit ng systema ng spray ng tubig sa bawat babaan ng materyales at tiyaking mananatili at makikitang basa ang buong surface area ng mga stockpile. Dapat i-minimize ng Hanson ang emisyon ng takas na alikabok mula sa mga bumibiyaheng trak sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga pag-iingat na pang-iwas sa mga hindi kanais-nais na epekto, at dapat nitong limitahan ang mga milyang binibiyaheng mga sasakyan sa pasilidad. Aatasan ang pasilidad na subaybayan ang mga emisyon ng alikabok na umaalis sa pasilidad sa pamamagitan ng mga sasakyang umaalis sa lugar, at kakailanganin nitong maglinis kung mahigit sa 25 linear feet ang nasabing trackout. Iniaatas ang mga limitasyong ito para ma-bawasan ang mga emisyon at matiyak na nasusunod ang lahat ng regulasyon.